

ANG Bakla
SA BINTANA
ROSE TAN

# ANG BAKLA SA BINTANA



ROSE TAN

TIRIK NA TIRIK ang buwan, parang nakapatong sa silhouette ng lumang simboryo sa dako pa roon. Pero ano ang nasa likod ng buwan? Ano ang itinatago niya? Tulad ko ba siya? Na kahit anong ningning, may bahaging madilim?

Sa likod ng ngiti, naroroon ang hikbi?

Nagniningning man ako sa inyong paningin, mayroon akong malagim na lihim.

Pamilya Banal kung bansagan ang aming pamilya dito sa bayan ng Heredia. Pero walang kabanalan sa kuwentong ito kaya utang na galang, huwag na huwag ninyong

ipapabasa sa mga lola, tita o nanay ninyong saulado ang Three O'Clock Prayer pero wala pang alas-kuwatro, may nilalait nang kumare sa GC nila na Bible Babes ang pangalan.

Ako nga pala si Mauricio P. Pintakasi. Mauie na lang. Ako ay isang shoke, binabae, beki, accla, baklush, Barbie. Maski alin d'yan, kiber sa mga politically correct. Wala din akong pake kung alin ako sa rainbow, basta ayaw ko sa pepe, oki?

Ako ay 18 years old at may pambihirang jawline. Napakaganda ko… napakaganda kong lalaki. Ampotah! Mula day care hanggang grade one, escort ako ng mga kandidata sa school pageants. Hanggang grade one lang, dahil grade two, nagladlad na ako. Masuwerte ako sa parteng iyan dahil sa mama at papa ko, maski ako ang iladlad mo, keri lang.

Umiyak lang ako noong grade two nang sabihin ng teacher na ako na naman ang escort ni Mary Chantal sa Miss United

Nations.

*"Bakit, Mauricio?"*

*"Ayokong mag-barong, Teacher! Gusto ko gown!"*

`Ayun, nagtawanan sila at pagsapit ng uwian, kinausap ni Teacher si Mama, nagpunta pa sila sa sulok, dinig ko naman ang usapan.

*"Mommy, may problema po yata kay Mauricio?"*

*"Ano'ng problema, Teacher?"*

*"Gusto daw po mag-gown, ayaw ng barong. Hindi po kaya… ano… baka po may nakakasamang ano… nahahawa…"*

*"Bakla? Baka bakla ang anak ko?"*

*"Opo, Mommy."*

*"Ano'ng problema doon?"*

Supalpal nang hindi slight si Teacher pero hindi pa din siya nagising. Naghihilik pa din to the tune of, *"Sayang na sayang itong si Mauricio, napakaguwapo."*

Tawa na lang ang accla. Pero sa true lang,

pambihira din ang cheekbones ko. Oo, pinagkaitan ako ng buccal fat. Hindi lang naman ako. Buong pamilya ko, artistahin. Dugong Espanyol ang nananalaytay sa aming ugat.

Tatlo kaming magkakapatid. Si Kuya Micasio ang panganay. Mick. Twenty-three years old. Mas guwapo kay Piolo, kilabot ng mga kolehiyala. Dati, hindi ko pinapansin na mga kasing-edad ko ang kinakalantari ni Kuya, pero ngayong alam ko na ang mga lihim ng pamilya ko, kinakabahan ako kay Kuya. Hindi kaya nagmana siya sa aming lolo? Pero super bait ng kuya ko at mahal na mahal ko, kaya lagi ko siyang ipinagdadasal. Sa aming magkakapatid, ako lang ang natutong magdasal.

Next in line si Marietta. Hindi ko siya matawag na ate, hindi ko din matawag na kuya, kaya Maying na lang. Twenty-one si Maying. Vet Med ang kinukuha doon sa Elbi. Siguro naman, halata na ninyo, nasa rainbow

din si Maying, gusto niyang maging lalaki, lumalaklak ng pampaborta.

Ako ang bunsong mutya pero wala akong balak lumaklak ng pampatubo ng boobs. Basta talandi lang ako, ganern. Kasalukuyaan akong grade 12 sa St. Benedict Integrated School. School ng mga yayamanin dito sa Heredia at mga karatig-bayan ang SBIS. Prior to that though, galing ako ng public school kaya may culture shock ako. Mahirap kami dati pero ngayon, super yaman. Heredera pala ng feed mill, manggahan, pamintahan, at kung anu-ano pa ang mama namin.

Ang mabuti pa ay simulan ko na ang kuwento…

# Chapter 1

Kabi-birthday ko lang nang mategi si Papa.

Last week ako nag-turn 18, Tuesday. Last day din ng pasukan at malakas ang ulan. Ang original plan ng fambam, magkikita-kita kami sa mall, kakain sa paborito kong fast food, `tapos ay pakakawalan nila ako sa bookstore habang sila ay nagwi-window shopping.

Pero umulan nang napakalakas dahil nadamay ako sa sumpa at propesiya ni Greta Thunberg. Bumaha sa Kamaynilaan. Bumaha din ang messages sa group chat ng fambam. Hindi na kami matutuloy sa mall. Babantayan nina Mama ang tubig at baka

pumasok sa apartment namin. Nag-aakyat na daw sila ng mga gamit. Sina Mama at Kuya Mick lang ang nasa bahay that time.

Stranded ako sa school dahil din sa baha. Ayokong magka-leptospirosis kaya nag-stay ako sa second floor. Walo na lang kami sa classroom dahil mas marami sa mga kaklase ko, piniling lumusong sa panganib. Nagpaiwan din si Jeff, my crush till the end of time. Maitim, kulot, lalaking-lalaki. Paulit-ulit niya akong binabati ng happy birthday, inaakbayan, kinikiliti sa tagiliran. Alam ko namang pinagkakatuwaan lang niya ako pero okay na din kaysa wala. Uhaw ako masyado sa atensiyon ng crush.

Bandang four p.m., tumila na. As in, biglang nagningning ang sikat ng araw dahil nagre-reflect sa malasinulid na lang na ambon. Biglang sumigaw si Pepita, ang kaklase naming pangit. Pepper Sage ang totoo niyag pangalan pero hindi ka magugutom `pag nakita mo, matatae ka. Buong school

year akong may baong Diatabs sa pencil case.

May rainbow daw, ang sigaw ni Pepita, at kung makadungaw sa bintana, parang arko ni Noah ang natatanaw. Sina Jeff naman, parang hindi pa nakakakita ng rainbow sa tanang buhay, nagsidungaw. Piniktyuran nila ang rainbow. `Chura ng mga ungas. Kung maka-adore sa rainbow, parang nirerespeto ang pride ko.

Past five na nang humupa ang baha sa kalsada. Saka pa lang ako umuwi. Isang oras din mahigit inabot ang biyahe dahil may mga part pa ng Kamaynilaan na may baha pa. Ma-traffic much.

Ang nadatnan ko sa bahay, mga sofa namin na wala pa sa tamang lugar, kababababa lang daw uli mula sa second floor. Nagmamop si Kuya ng sahig, si Mama ay nagluluto ng spaghetti sa kusina. Gagayahin na lang daw niya ang budget meal sa paborito kong fast food.

Ipinasa ni Kuya sa akin ang tornado mop.

Do the honor daw. Kung hindi ko birthday, sasaksakin ko siya ng mop. Pero kaarawan ko, mabait ako kaya tinanggap ko ang honor. Ako na din ang nag-ayos ng mga upuan, pinalitan ko ng mga punda ang throw pillows, ginayakan ko na din ang dining table. Inilabas ko ang mga sosyal na plato, baso, at kubyertos na wedding gifts daw kina Mama at Papa. Mukhang antique; pangkaharian, hindi mo mabibili sa SM. Ang mga kubyertos, pagkalalaki at pagkabibigat. Ewan kung saan naharbat ni Mama. Baka sa ukay. Naisipan ko na ring ilabas ang mga kristal na candle holder, sinuksukan ko ng Liwanag at pinatay ko ang ilaw sa kusina. Para dinner by candlelight kami.

Past seven, dumating si Papa, may dalang paper bag ng Uniqlo. Naglulundag ako sa saya. Hindi nakalimutan ni Papa ang type kong T-shirt. White lang, may print ng mukha ni Marilyn Monroe. Naglambitin ako sa kanya sa tuwa, hinalikan ko siya nang

hinalikan sa pisngi at sa leeg, kagaya noong ako ay bebe gurl pa lamang.

Ang tanging nasabi ni Papa, “Blackout?” Sumilip pa siya sa labas para tingnan ang mga kapitbahay.

Ipinaliwanag ko kung bakit kandila ang ilaw namin. Nagtawanan ang Pamilya Pintakasi.

Kumakain na kami nang dumating si Maying, galing Elbi. May dala siyang chocolate roll galing Red Ribbon. Iyon lang daw ang nakayanan niya. Grateful pa rin ako na loves ako ng family ko. Sobrang saya ng birthday dinner ko, sobrang crispy ng fried chicken ni Mama, sobrang tamis ng spaghetti, `tapos my binili palang ice cream si Kuya. At bago siya matulog that night, inabutan ako ng 1K. Working na si Kuya as med rep, bago pa lang kaya hindi pa ganoon kalaki ang nakokomisyon niya.

Best birthday ever.

Five days later, tanghaling-tapat,

nanonood ako ng Netflix, bigla akong tinawag ni Mama. Natataranta siya. Tumawag daw ang kaopisina ni Papa, nag-collapse daw si Papa, dinala sa ospital. Pagdating namin sa ospital, sa morgue na kami pinatuloy.

Wala na ang papa ko.

Ike-cremate na siya ngayon. Suot ko ang huli niyang regalo sa akin, ang Marilyn Monroe T-shirt. Ayaw maubos ng luha ko. Hindi ko na maririnig ang tawa ni Papa. Hindi ko na maririnig ang hilik niya `pag nakakatulog siya sa sofa. Wala nang corny jokes. Hindi na ako uli magbi-birthday na kapiling si Papa.

*Mahal na mahal kita, `Pa. Salamat sa pagmamahal mo. Salamat sa pag-aalaga mo. Hindi ko alam kung paano tatanggapin `to, `Pa. Hindi ko alam talaga… Ang sakit, Papa…*

Minsan, isang Pasko, nagpasalamat ako kay Papa sa pagtanggap niya sa akin at kay Maying. Umiling si Papa, mali daw ako.

Hindi niya kami tinanggap. Wala daw kaming kamalian o karamdaman na kailangan niyang tanggapin bilang magulang. Hindi daw kami parusa na dapat tanggapin. Kami daw ay mga anak na minamahal, ganoon lang daw kasimple.

Nakainom pa si Papa noon kaya feel na feel niya ang sinasabi, paulit-ulit pa. Mahal na mahal niya si Mama, si Kuya, si Maying, at ako. Pinalakpakan namin siya, biniro namin na woke, at nagpamasahe siya ng paa sa akin. Sana alam ni Papa na bumangon lang siya ngayon, maski zombie na siya, hihilutin ko pa rin ang mga paa niya.

"Tangina, `Paaaaaa! Mahal na mahal kita!" atungal ni Maying. Sumabog na ang kinikimkim niya simula noong malaman niya na wala na kaming papa. Hiindi siya umiyak noong makita niya si Papa sa punerarya, siya pa ang pumili ng urn. Ngayon, kumawala na ang iyak niya.

Tuloy, para kaming mga chuwariwap nina

Mama na nag-second voice sa atungal ni Maying. Nakaakbay naman sa aming tatlo si Kuya. Hindi siya umaatungal pero halos sarado na ang mga mata niyang namamaga na sa pag-iyak. Hooded eyes pa naman siya dahil mana kay Mama, singkit. Sa aming tatlo, si Kuya lang ang tsinito. Kami ni Maying, kamukha ni Papa. Kaya nga ako ang junior, pinagbiyak daw kami. Kahit bakla ako, proud na proud si papa `pag may nagsasabi na magkamukha kami. Galit na galit naman siya doon sa mga nagsasabing sayang na sayang ang junior niya. Bakit daw sayang? Ano ang sayang?

Umagos na naman ang luha ko. Ayokong pahirin. Deserve ni Papa lahat ng iiiyak ko. Deserve niya ang pagluluksa namin. Deserve niya na mahalin namin siya nang sobra-sobra.

Parang tutumba na si Maying, pinipigilan lang namin siyang bumagsak sa sahig pero mabigat siya.  Nagbubuhat siya sa gym para maging borta kaya mukha lang siyang payat

pero napapakabigat. Malapit na namin siyang mabitiwan, nang mapansin kong may ale nang nakatayo sa unahan namin sa harap ng ataul.

Matangkad at slim ang ale. Nakablusang itim na may maliliit na ruffles sa saradong neckline at sa dulo ng mahahabang manggas. Naka-tuck-in ang blusa sa itim na palda, pencil cut. Itim din ang sapatos, matulis ang dulo pero hindi kataasan ang heels.

Pati si Maying, napatigil sa pag-iyak at napatunganga sa ale. Salt and pepper ang buhok, malinis at mahigpit na nakapusod gamit ang oblong na ipit, itim din. Walang makeup pero may mga perlas ng Silangan sa mga tainga at ring finger.

Tigagal kami, lalo na ako dahil napaka-regal ng tindig ng ale. Naalala ko na naman ang mga antique pero sosyal naming mga plato at kubyertos. Parang sa ganoon lang kumakain ang ale. Hindi siya bagay tawaging ale. Dapat ay madam, donya. Senyora.

"S-Sen—" nagsisimula pa lang akog bumulong kina kuya pero pasinghap nang mapabulalas si Mama.

"Mama?" sabi niya.

Kay Mama naman kami napatingin ni Kuya. Nabitawan namin si Maying, napaluhod siya nang kaunti pero bale-wala sa kanya dahil nakatingala siya kay Mama.

Para namang walang narinig ang madam, donya, senyora, mas lumapit pa siya sa ataul at may kinuha sa bag na itim. Ipinatong iyon sa bandang tiyan ni Papa sa nakabukas na ataul.

Kandahaba ang leeg ko sa pagsilip kung anu-ano ang mga inilagay doon ng senyora.

Mga libretong itim at brown ang pabalat, isang volume yata sa dami, may kasama pang crucifix na binalot ng rosaryo. Mayroon ding kulay pula na scapular. Pero hindi pa tapos si Madam. May kinuha pa siya sa bag. Maliit na spray bottle. Inispreyan niya ng laman niyon si Papa.

Kumalas na ako kina Kuya. “Um, excuse me po,” sabi ko sa donya. “Hindi po bampira si Papa. Ano po ang ginagawa n’yo?”

Tumingin sa akin ang donya. Tinitigan ako ng mga three seconds.

Bigla akong inespreyan ng hawak niya. “Anak ka ng diablo,” sabi, sabay baling kina kuya. Inispreyan din sila. “Mga anak ng dilim.” After that, nag-walk out na ang donya.

Nagbungisngisan ang mga nakikiramay, nagbulungan.

“Baka nagkamali ng patay,” sabi ni Aling Pacing, kapitbahay namin at prisintadang mag-asikaso sa mga nakikiramay, taga-refill ng mga kendi at butong-pakwan, taga-distribute ng mga mamon, juice, at kape. Parang mas marami pa ang kinupit niya kaysa mga naipamudmod.

“`Kala ko, sosyal. Sira-ulo pala,” sabi naman Tito Bob, kumpare ni Papa.

Busy na si Maying sa pagtanggal ng mga inilagay ng donya sa labî ni Papa, isinisilid sa

kahon ng Zest-O.

Sa lahat ng iyon, tahimik lang si Mama. Parang tulala.

ONE MONTH later, nag-sink in sa amin ang masaklap na katotohanan. Wala na kaming andalucia. Si Papa ang sole breadwinner dahil okay naman ang suweldo niya sa pinagtatrabahuhang law firm bilang researcher slash investigator.

Forty-six pa lang si Papa at wala siyang funeral insurance whatever, lalong wala siyang life insurance. Nalaman din namin na wala siyang SSS, Pag-IBIG, at kung anu-ano pa.

"Bakit, `Ma?" tanong ni Kuya. Nasa hapag-kainan kami.

"M-may problema daw sa birth certificate niya, hindi na siguro niya naasikaso sa dami ng trabaho niya. Hindi naman iniisip ng papa n'yo na… maaga niya tayong iiwan."

"Pero nasa law firm siya, `di ba?" si

Maying. "Sana pinaasikaso na lang niya doon."

"Wala na tayong magagawa. Wala na ang papa n'yo."

Ipinatong ni Kuya ang kamay sa files na nasa harap niya. "May fifty K pa sa bangko si Papa, plus itong sa debit card na hindi ko alam kung magkano ang laman. Hindi pa natin puwedeng ma-withdraw, may mga hinihingi pa ang bangko." Bumuntong-hininga si Kuya. "Nasa beinte lang ang suweldo ko, plus allowance. Hindi ko alam kung paano magkakasya sa atin. Sa renta pa lang nitong bahay, wala nang matitira. Paano ang allowance ni Maying? Tuition? Sa pasukan, paano si Mauie?"

"G-gagawa ako ng paraan," sabi ni Mama.

Sabay-sabay kami. "Paano, `Ma?"

Ulirang maybahay si Mama, hindi niya naranasang magtrabaho ni minsan. Spoiled siya kay Papa. Pagdating sa pag-aasikaso sa bahay at sa aming magkakapatid, walang

makakapantay kay Mama, pero duda kami na may mahahanap siyang trabaho. Forty-four na siya. Bata pa naman kung tutuusin, lalo na at mukha siyang thirty-plus pa lang. Kaso, ni hindi siya marunong magbukas ng computer. Marunong lang siyang mag-cell phone pero kapag complicated na ang apps, humihingi na ng saklolo sa amin.

"M-magtitinda ako… pagkain, mga gano'n," aniya.

"Magkano lang kikitain mo do'n?" sabi ni Kuya. "Kailangan nating maghanap ng mauupahan na mas mura."

"Hihinto na muna ako. Mag-a-apply ako sa call center," sabi ni Maying.

Ganoon na lang ang iling ni Mama. "Hindi ako papayag, anak. Pangarap mong maging beterinaryo noon pa. Kung naririto ang papa n'yo, hindi din `yon papayag."

"Kung nandito si Papa, hindi tayo magkakaganito, Ma," sagot ni Maying. "Pansamantala lang naman. No choice. At

since no choice din tayo kundi lumipat sa mas mura, magbawas na tayo ng mga gamit. Ibenta na natin `yong mga hindi naman natin kailangan. Minimalist muna tayo."

Sang-ayon kami ni Kuya doon.

Nagmatigas naman si Mama. "Gagawa ako ng paraan!" Sabay walk out, umakyat sa hagdan.

"Intindihin na lang natin," sabi ni Kuya. "Siyempre, may pride siya bilang magulang. Ayaw niya na nahihirapan tayo, remember?"

"Kaya wala halos ipon si Papa," maktol ni Maying.

"`Wag mong sisihin si Mama," saway ni kuya. "Tayo din naman ang humihingi kay Mama, nagpapabili ng kung anu-ano."

Hindi ko masasabing maluho si Mama dahil hindi naman siya mahilig bumili ng mga alahas, o bag halimbawa. Ang hilig lang ni Mama, ibili kami ng quality goods. Hindi siya bumibili ng mumurahin, mula mga de-latang pagkain hanggang sa mga damit. Kaya

naman kahit luma na ang mga gamit ni Mama, mukha pa din siyang yayamanin… Natigilan ako.

Oo nga. May ambience na yayamanin si Mama na namana naming magkakaapatid. Lagi akong napapagkamalang rich kid sa school, ni hindi naiisip niyong mga nag-aakusa na nasa public high school din akong paris nila.

Bigla akong tumindig. "Excuse lang." Umakyat ako sa itaas, kinatok ko si Mama sa kuwarto. "`Ma?" Hindi naman naka-lock ang pinto, sumilip na ako. Nakaupo lang sa kama si Mama, nakatingin sa akin. Pumasok na ako, tinabihan ko siya. "M-may itatanong lang ako, `Ma. `Yong… ale? `Yong nang-spray sa `tin ng ewan kung ano `yon—"

"Mama ko siya. Lola n'yo." Mahinang sabi ni Mama.

"Eh, `kala ko, patay na ang mama mo?" Iyon ang nakagisnan ko. Iyon ang alam ko.

"Sorry, `nak. Sinabi ko lang `yon sa inyo

dahil… `tinakwil ako ni Mama. T-tutol siya sa papa n'yo. Nagtanan kami. Nagtago kami ng papa mo, hanggang tumigil na si Mama sa paghahanap, kinalimutan na ako." Sisigok-sigok si Mama. "Obviously, nalaman niya ang nangyari kaya nakapunta siya sa burol. Maimpluwensiya ang lola n'yo. Baka noon pa niya alam kung nasaan ako, hindi lang siya nagpaparamdam."

"OA naman. Parang teleserye," comment ko.

"Pero luluhod ako kay Mama kung kinakailangan para tanggapin niya ako… kayo."

"Bakit, `Ma? `Tinakwil ka niya. Ayaw niya sa `tin. Tinawag tayong kampon."

"May karapatan kayo sa kayamanan niya."

"Mayaman siya talaga? I mean, mayaman ka?"

"Iniwan ko lahat ang karangyaan dahil sa pagmamahalan namin ng papa n'yo. Pero ngayong wala na siya, tama lang naman na

angkinin ko ang para sa `kin, `di ba?"

"G-gaano kayaman si Lola, `Ma?"

"Kanya `yong Zoologica Feeds, may manggahan din kami sa Batangas, poultry farm, taniman ng paminta, commercial complex…"

Dinakma ko ang balikat ni Mama. "Go, lang, Mother! Angkinin mo ang kayamanan mo, sasamahan kita! Now na!"

Juskoh, feeling ko, sa Ateneo na ako mag-aaral sa pasukan. Maaambunan na ng mga Atenista ang hasang ko.

Nginitian ako ni Mama. "Thank you, `nak. I love you." Humilig siya sa balikat ko.

"Simula ngayon, English speaking na `ko. I mean, from now on, I'm so English."

Sumasayaw akong bumaba. Parehong nakapangalumbaba sina Kuya at Maying sa dining table.

"Mga hampaslupa!" sigaw ko. "Oops, I mean, you slapsoils, cheer up!"

At ibinalita ko sa kanila ang magandang

balita. Hindi pa man ako tapos, nagkarera na sina Kuya papunta kay Mama.

# Chapter 2

May trabaho si Kuya, back to uni na si Maying, kaya kinabukasan, ako ang kasama ni Mama papunta sa Heredia—maliit pero uber progressive na town in Southern Luzon. Seven ng umaga kami umalis, tanghalian na kami dumating sa bahay ni Lola.

Nasa kanto ng Pitarde Street ang mansion. May kalumaan pero hindi kasingluma ng Noli Me Tangere. February 8, 1988 daw natapos gawin ang mansion na mahigit isang taon ginawa. Na-amaze ako dahil birthday ni Mama ang Feb 8. Sinadya daw iyon ng lolo ko. Pinilit, tinakot ang mga trabahador na tapusin sa petsang iyon ang bahay. Dahil para

kay Mama daw talaga ang mansion. Daddy's girl pala si Mama. Unica hija.

1990 daw namatay ang lolo ko. Ten years old pa lang si Mama noon. Bigla daw siyang sinundo ng kanilang driver sa school at pagdating daw nila sa bahay, may mga pulis.

Naloka ako habang ikinukuwento iyon ni Mama kaninang nasa bus kami. Una, nakakaloka na de-tsuper pa talaga si Mama noon. Pangalawa, buong police force daw ang nasa bahay nila noon, mula hepe hanggang sa mga trainees. Pangatlo, nagkakape daw at kumakain ng lasagna with garlic bread ang mga pulis. Ang sosyal, I kenat. Pang-apat at pinakanakakaloka, ang cause of death ni Lolo Ernesto—nahulog daw sa bangin ang matanda. Binibisita daw ang—take note, rancho—nang hayun, aksidenteng nalaglag.

Ibinenta na daw ni Lola kina Manang Cynthia ang rancho pagkatapos ng insidente. Subdivision na ngayon ang rancho. Sayang, may Totoy Mola farm sana ako ngayon.

Matandang lalaki ang lumapit sa gate. “Ano’ng kailangan?” tanong sa amin.

“Magandang araw po,” sabi ni Mama. “Gusto ko lang pong makausap si Mama. Ako po si Ernestine.”

Nanlaki ang mga mata ng matandang lalaki. “Ikaw si Ernestine?”

“Ako nga po,” tango ni Mama. “Ito naman si Mauricio, bunso ko.”

Umigkas ang isang kilay ko kay Mama. Since when niya ako tinawag na Mauricio? Kahit galit siya sa akin, never niya akong sinigawan using my real name.

Binuksan na ng manong ang gate at pinatuloy kami kaya hindi ko na na-interrogate si Mama.

Mukhang walang hardinero ang lola ko. Masukal ang halamanan sa maluwang na bakuran. Wala nang shape ang mga shrubs sa gilid ng mga pader, hiyayaan na silang tumubo sa gusto nilang tubo. May mga rose plant din akong nakikita pero mga tuyot at

kung may bulaklak man, maliliit at lagas-lagas.

Mula sa gate na daanan ng mga tao, may pathway na parang bricks pero natatabunan na rin halos ng masasamang damo. Parang tutsang ang mga iyon sa pagitan ng mga bricks. Ang dulo ng pathway, tatlong baitang na parang sa mga simbahan ang tiles, madilaw na may black streaks na design.

Bale-walang hinila ni Mama ang screen ng pinto sa front steps. Ako ang nagbukas ng pinto mismo dahil excited ako. Hindi kalakihang salas ang tumambad sa akin. Disappointed ako. Nag-e-expect ako ng mga furniture at chandelier na pangkaharian. Ang naroroon lang sa salas, sofa set na kahoy, wala man lang throw pillows. Ang center table, baul. Sa isang sulok, may rebulto ng babaeng bulag at may hawak na parang plato at—OMG, nandoon ang mga mata!

“Sinetch, Mami?” turo ko sa rebulto. Nasa kabilang sulok si Mama, isinasabit ang hoodie

jacket niya sa sabitan doon.

"Santa Lucia," sagot ni Mama.

"Bakit may mata sa plato niya?"

"Dinukot daw niya ang sariling mata kaysa itakwil ang faith. Isabit mo muna dito `yang jacket mo." Tinulungan na ako ni Mama na hubarin ang jacket. Init na init na nga ako kanina pa. Naka-jacket lang kami kasi malamig sa bus.

"Gano'n?" Hindi ko ma-imagine ang sinabi ni Mama. Dinakma ko ang mga mata ko. "I kenaaat, sasamba na lang ako sa butiki, kaysa dukutin ko ang eyeballs ko."

"`Binalik naman daw ng Diyos ang mga mata niya."

"Ha? Transplant? As in, bigla siyang tinubuan uli ng mata?"

"Malay ko ba. Basta, patron `yan ng mga bulag," sabi ni Mama.

"Eh, di, blind leading the blind, mother?"

"Hindi nga. May bago na nga siyang mata. From God." Tumingala pa si Mama.

Napatingala din ako. Hugis tulyasi ang puting ilaw, aninag ang mga nateging insekto.

“Buti na lang, big girl na `ko, Ma. Kung hindi, mato-trauma ako sa rebultong `to. Ang dami namang santo, ba’t ito pa? Parang biktima ng serial killer.”

Bumungisngis si Mama, sabay senyas ng “sshh.” “Marinig ka ng lola mo.” At bumulong, “Ka-birthday niya ang feast day n’yan. December thirteen.”

“Ah,” tango ko. “Spirit animal niya.”

“Gaga ka, `wag kang maingay.”

Base sa mga items na isinalpak ni Lola sa ataul ni Papa at sa rebulto ng santa, obvious naman na siguro na uber religious ang lola ko. “May tanong lang ako, `Ma,” `kako. “Ba’t hindi ka religious, sa ganito ka pala lumaki, `tapos sa school ng mga madre ka pa pumasok?”

“Hindi ka ba mauumay sa religion kung ako ikaw?”

“Kunsabagay,” sagot ko. Naupo ako sa

ibabaw ng baul, nag-cross legs. "Piktyuran mo `ko, Ma." Ginandahan ko ang pose, pang-parental guidance. Nakataas ang isa kong paa sa baul, straight naman sa sahig ang isa, pilipit ang upper body ko habang ibinubukaka ko kunwari ang sarili ko. Inilawit ko ang dila ko.

Kinalkal ni Mama ang bag niya. "Nasaan ba cell p—"

Natigilan kami pareho dahil biglang bumukas ang pinto sa left wall ng salas. Tumambad ang Donya, sa akin napamulagat.

"Hesusmariajosef, Ernestine!" sigaw ng donya. "Pagsabihan mo itong anak mo!" Astang dadaluhan ni lola ang estatwa ng santa para takpan ang mga mata sa plato.

Pasimple akong umayos ng upo.

"Tumayo ka r'yan!" sigaw sa akin ni Lola, nanlilisik ang mga mata. Nangatal ang fake lashes ko. Baka dukutin ang mga mata ko? "Hindi ka marunong gumalang, palibhasa'y anak ka ng lagim!"

"Ho?" bulalas ko.

“M-Mama, pasensiya ka na. Hindi na mauulit,” sabi ni Mama.

“Talagang hindi na dahil aalis na kayo sa pamamahay ko!” sigaw pa rin ng donya ng lagim. “Lumayas na kayo! Layas!” With matching point-point sa pinto. Naka-brown na bestida ang donya, may perlas sa leeg, saka pulang iskapularyo, may belo pa siyang itim, maliit lang, parang patungan ng platito sa ibabaw ng ulo, at naka-loafers na itim.

“Mama, nakikiusap ako. Kailangan nating mag-usap,” hirit ni Mother. “Gusto kitang makausap, `Ma. Pakiusap.”

Parang kaunti na lang, luluhod na si Mama at imbiyerna ako doon. Matapang ang mama ko kahit mahinhin. Handa niya kaming ipaglaban kahit kanino, pero sa lola kong bruha, parang takot na takot siya. Para siyang nanliliit. Pati boses ni Mama, nag-iba ang timbre. Takot, nahihiya, insecure.

“Mama, please,” patuloy ni Mama sa pakikiusap. Pinagdaop pa niya ang mga palad.

"Please!"

Sumingasing ang bruja. "Sumunod ka sa akin," sabi at nagmartsa pabalik sa pinanggalingan.

Sumunod agad si Mama sa nanay niya. Sumunod naman agad ako sa nanay ko. Pero biglang nag-about face ang bruja. "D'yan ka lang!" bulyaw sa akin.

Inalo ako ni Mama. "Dito ka muna sa foyer, Mauricio."

"Ha?" usal ko. Una, Mauricio na naman. Second, "Ano'ng *poyey*?"

"Dito, foyer."

Hindi ko pa rin gets pero naupo na lang ako. Hindi na sa baul; sa sofa. Inangat ko ang takip ng baul. Aba, malinis. Organized ang baul. May mga tray na gawa sa abaka. Sa isang tray, mga kandila ang laman. Mayroong hugis-tao—santo at santa, mayroong picture ni Mama Mary ang design. Next tray, mga babasahin na pangsimbahan. Another tray, mga maliliit na botelya. Binuksan ko ang isa,

amoy langis. Ang iba, walang amoy, tubig lang. Holy water siguro.

Napanood ko sa Tiktok, isa daw sa senyales na nababaliw ang isang tao ang kapag sobra nang religious. At base sa asal ng lola ko, I therefore conclude, baliw siya.

Inilabas ko ang cell phone ko at piniktyuran ko ang mga nakita ko, `tapos ay sinend ko sa GC namin:

*D2 na kame. Nagmamakaawa pa si Mama. Sinigawan kame ng lola nyo!!! Anak daw ako ng lagim! Pinalayas kami. Nagmakaawa si mama. Nagmakaawa si mama. Naguusap sila now. Dito ako poyey.*

Nilagyan ko ng madaming luhaan na emoji.

Si Maying ang sumagot: *foyer, tanga!*

Nag-reply din siya sa picture ng rebulto: *ano to, biktima ni Dahmer?*

Nag-explain ako sa chat pero hindi pa ako tapos mag-type, tumatawag na si Maying, video call.

“Bakit ka sinigawan, bakla?” tanong agad.

“Naabutan akong naka-pose sa ibabaw ng baul—this baul. Kita mo?” Itinutok ko doon ang cell phone.

“Sira-ulo yata `yang lola mo,” sabi ni Maying.

“Feeling ko nga, pero takot na takot sa kanya si Mama.”

“Dapat kasi, sa lawyer tayo lumapit. Mukhang malabong ipamana kay Mama ang kayamanan.”

“Hayaan muna natin si Mama sa diskarte niya,” `kako. “Sana matapos na ang meeting, gutom na gutom na `ko, Maying.”

“Hindi kayo kumain?”

“Kanina pang umaga. Nag-expect kami ng masaganang lunch dito, masaganang mura ang ipinalamon sa `min.”

“Patayin na lang natin,” sabi ni Maying.

Humagalpak na ako. “Paano?”

“`Yung pang-euthanize sa mga hayop.”

“Baka nate-trace `yon? Yayamanin itetch,

t'yak, dadagsain ng kapulisan." Ikinuwento ko ang pagkamatay ng lolo namin.

Tawa nang tawa at mura nang mura si Maying. "Sabihin mo d'yan kay Mama, kung ganyan lang din ang trato sa `tin ng nanay niya, pipiliin ko na lang maging purita. Hindi naman tayo invalid, kaya nating magtrabaho para mabuhay. Hindi tayo pinalaki ni Papa para magpaapi."

"Amen."

Lumabas ako pagkatapos naming mag-usap ni Maying. Naiinip ako sa foyer, saka disturbing talaga ang rebultong nasa plato ang mga mata. Nilibot ko ang bakuran, nag-picture-picture na rin, sine-send ko agad sa GC.

Nang makabalik ako sa front steps, naroroon na si Mama. Halatang galing sa pag-iyak.

"Anyare, `Ma?"

"Nagkausap na kami ni Mama. K-kumain muna tayo, halika sa loob."

Hindi pala iyong foyer ang salas. Ang totoong salas, mas maluwang at naroroon ang mga ine-expect kong kagamitan na pangkaharian. Pero mga luma na. Kupas na ang carpet at ang mukhang velvet na upholstery ng sofa. Ang makapal na kurtina, parang hindi na hinahawi, forever nang nakasara kaya ang dilim sa loob.

Lumampas kami sa salas at sumapit kami sa dining room. Ang haba ng mesa, binilang ko ang mga upuan na mukhang trono, labindalawa. Mga brass na kandelabra ang nakapatong sa ibabaw. Sa isang dingding, may malaking eskaparate ng mga plato at kung anu-ano pa. At na-solve ko na ang mystery ng mga bonggacious naming tableware—mukhang hinakot ni Mama noong nagtanan sila ng papa. Kalurkey si Mudrakels.

Nilampasan din namin ang eleganteng dining room. Bumaba kami nang tatlo ring baitang, pakusina. May mesa din doon pero pang-apat lang at hindi pangkaharian; iyong

mabibili mo lang sa SM o kaya ay IKEA.

Naabutan namin doon ang matandang lalaki na nagpatuloy sa amin, kumakain. Kaliwete at napansin ko agad ang suot na relos. Leather na bitak-bitak ang strap pero kahit ganoon, hindi bagay sa kamay niya at sa porma mismo. Para siyang laborer na arawan ang sahod pero ganoon ang relos?

"Kumuha na kayo ng plato, kumain na kayo," sabi sa amin at tumindig, dinala sa lababo ang kinainan. "Tapos na ako. Maiwan ko na kayo."

"Opo. Salamat po," sabi ni Mama, pinaupo ako at kumuha siya ng mga plato sa isang drawer. "Kain ka na muna."

"Anong kakainin, `Ma?" Ang nasa mesa lang, isang bowl ng nilagang gulay.

"`Yan."

"Ito?" turo ko sa bowl.

"Pagtiyagaan mo na muna at hindi naman nila alam na dadating tayo. Saka masustansiya `yan." Dumulog na rin si Mama.

"Wala bang iba?" `kako. "Ano laman ng ref?" Akma akong tatayo para buksan ang ref pero pinigilan ako ni Mama.

"Mauricio, hoy, umupo ka. Kainin mo na lang `to."

Umayos ako ng upo. "Bakit Mauricio?" tanong ko.

Huminga muna nang malalim si Mama.

"Ayaw ni Mama sa mga bakla. Kaya simula ngayon, anak, itatago mo na muna, ha? Huwag kang magpapahalata sa lola mo na bakla ka. Si Maying din, hindi puwedeng magpahalatang tomboy."

Napanganga ako. "`Ma?"

"P-pasensiya na, `nak. Kailangan nating magtiis nang kaunti."

"`Tingin mo, `Ma, hindi mahahalata ng bayan na tibo si Maying? Saka bakit—I mean, bakit itatago? Magtatagal ba tayo dito?"

"Pumayag na si Mama na dito na tayo tumira. Binigyan niya ako ng trabaho doon sa feed mill, pero nasa Calaca, Batangas `yon,

kaya doon ako three to four days a week. Ikaw ang maiiwan dito since bakasyon mo pa." Dumukwang si Mama sa mesa. "Habaan mo ang pasensiya mo sa lola mo, Mauie. Matanda naman na `yon, `pag nawala `yon, sa atin na ito lahat, anak."

"Mas gugustuhin pa daw ni Maying na maging purita kaysa paapi kay Lola. Agree ako do'n, `Ma. Kaya kong magtrabaho. Marunong na akong maggupit saka mag-rebond, makakapasok ako sa mga parlor kahit extra-extra lang. Ayokong masabihan na anak ng lagim araw-araw dahil lang bakla ako." Tinikman ko ang patani, hindi ko malunok dahil naiiyak ako. Magpapanggap akong lalaki sa ngalan ng kayamanan?

"Naiintindihan ko kayo, anak. Sana, intindihin n'yo din. Akin ito lahat, may karapatan ako sa lahat ng ito. Kung kailangan kong magpakumbaba at magtiis para makuha ko ang para sa atin, gagawin ko, anak."

"Hindi ba puwedeng lumapit na lang tayo

sa lawyer?"

"`Tingin mo walang sariling lawyers si Mama? Tinanggal niya ako bilang tagapagmana, wala tayong laban doon. Ang paraan lang, Mauie, ay ibalik ni Mama ang karapatan ko. Mangyayari lang `yon kung mapapatawad na niya ako. Gagawin ko lahat para mapatawad niya ako. Please, intindihin mo, `nak. Hindi natin kayang bumayad ng abogado ngayon at kapag umabot tayo sa korte, `tingin mo, mareresolba agad? Maraming taon ang masasayang at malamang, wala din tayong makuha bandang huli.

"Pero kung makukuha ko uli ang loob ni Mama, kung mapapaamo natin siya sa lalong madaling panahon—"

"Paano mapapaaamo `yon, `Ma?"

"Basta gawin lang natin ang gusto niya. Hindi ka muna puwedeng lumadlad dito sa bahay. Kayo ni Maying."

"At least si Maying, nasa school. Minsan

lang siya uuwi dito. Pero ako? Ang tagal pa ng pasukan, `Ma."

"Kaya mo `yon, anak. Please."

Sumubo uli ako ng patani. Tumulo na ang luha ko. "Ang hirap namang yumaman," daing ko.

"Burahin mo muna `yang nail polish mo, ha," sabi ni Mama.

# Chapter 3

Wala ang mga kapatid ko para samahan akong tumutol sa mga gustong mangyari ni Mama. Nagsidating na rin ang holy trinity ng mga bayarin—tubig, koryente, Internet, at nag-text na rin si Madam Kilay, ang landlady namin. Dadaan daw siya sa apartment sa Sabado ng umaga. Meaning, kailangang nakahanda na ang pambayad namin sa renta.

Friday ng umaga, gumora na uli kami pabalik sa bahay ni Lola. Lulan kami ng arkiladong van na ang ipinambayad ni Mama ay iyong mga pambayad namin sa bills. Iniwan namin kay Aling Susie sa katabing unit ang pambayad sa renta. Si Kuya ang

nakatoka na maghanap ng buyers ng mga gamit namin sa bahay bago makunsumo iyong huling renta at deposit.

Brokenhearted ako sa mga nangyayari pero wala akong time umiyak at mai-process lahat-lahat dahil parang ipu-ipo si Mama sa paglilinis at pagse-secure ng mga maiiwan naming gamit. Kapag daw hindi nilinis, pupuntahan ng mga daga at ipis, lalo na kung walang tao. Alam ko naman, naiinis lang ako sa panic mode niya, maya't maya akong tinatawag at inuutusan.

Lantutay ako pagdating namin sa Heredia. Kami lang ni Mama ang nagpasok ng mga maleta namin. Ni hindi man lang kami tinulungan ni Manong na ewan kung ano ang papel dito sa pamamahay ni Lola. Pinagbuksan lang kami ng gate, `tapos ay nawala na sa paningin namin.

Sa kusina na kinainan namin noon ng nilagang gulay na malamig at kaning malamig din, may short hallway papunta sa, *surprise!*

Isa pang kusina. Maliit lang at makitid, kahilera ng lababo ang banyo. Sa tapat naman niyon, floor-to-ceiling na cabinet, mga isang dipa at kalahati ang lapad. Sa kabila niyon, laundry area na may isa lang washing machine na naninilaw na sa kalumaan. Ang kabayo ng plantsa na nakasandal sa isang tabi, juskoh, made of wood.

At sa laundry area, may pinto, katabi ng open cabinet para sa mga paraphernalia ng labandera. Binuksan ni Mama ang pinto. Iyon daw ang kuwarto namin. Maliit lang. May double-decker na kama sa isang tabi, bakal ang frame, tuklap-tuklap na ang pinturang pink dahil kinakalawang na. Mas maganda pa ang double-decker namin ni Maying sa apartment. Made of wood iyon at makintab, sobrang *aesthetic*, at hindi pa umuuga.

Sa tabi ng bintana na nakatunghay sa right side ng bakuran, may daan pa-Narnia. Binuksan ko ang antique na aparador. May

dalawang shelves sa loob; sa isa ay malinis at pantay-pantay na nakatupi ang mga kumot at punda. Amoy-mothballs.

Binalikan ni Mama sa labas ang extra mattress na dala namin. Higaan iyon ni Kuya sa apartment; makapal ang foam at natitiklop para magmukhang maliit na sofa. May kabigatan din at bulky kaya tinulungan ko na si Mama na ipasok sa kuwarto.

"Huhulaan ko, `Ma," sabi ko. "Kuwarto `to ng mga alipin."

"Pagtiisan mo na," sagot ni Mama. "Mas maganda dito kasi malayo sa kuwarto ng lola mo. Saka malinis naman, o."

"Sabagay." Humiga ako sa bunk bed. "Baka lang kasi gawin akong alipin dito."

"Hindi naman. Pero siyempre, magkusa ka nang magwalis-walis, mga gano'n."

"Tama ba talaga `tong mga gusto mong mangyari, `Ma? Parang nagdududa ako minsan. Hindi naman hopeless ang situation natin, `di ba? Parang… ang drastic naman ng

change."

Umupo sa may paanan ko si Mama, hinagod ang binti ko na bawal munang i-shave kaya panay stubble na.

"Wala tayong pera, anak. Alam ko, mahirap ma-imagine kasi may nagagastos pa tayo maski paano, may inaasahan pa tayong kaunting pera sa bangko. Pero kahit i-release na sa atin `yon, mga two months lang, ubos na `yon sa mga bayarin natin at pagkain. Hindi ka ba naaawa sa kuya mo? Kakapasok lang niya ng trabaho, sa kanya na tayo aasa? At si Maying, mapipilitang huminto. Ikaw, grade twelve pa lang. Pamasahe mo, pagkain, mga project? Saan natin kukunin `yon?

"Puwede tayong magtrabaho muna lahat. Kaya natin, kagaya ng iba. Pero kasi, anak, may choice tayo, eh. `Yong iba, walang choice kundi unahing magtrabaho, magtipid. Tayo, may choice. May pera ako. Kailangan lang muna nating gawin ito. Forty percent ng feed mill, kay Mama `yon. Pinakamalaking share

`yon, `nak. Pag-aaralan ko ang operation no'n kasi hindi magtatagal, sa akin na `yon. Wala namang ibang anak si Mama. Wala na din siyang kapatid."

"May kapatid si Lola dati?"

"Oo, pero namatay na dati pa. Sundalo daw `yon, hindi ko na nakilala." Mga toes ko naman ang minasahe ni Mama. "Alam mo kasi, `nak, `yong lolo mo talaga ang mayaman. Marami `yong lupain, dating governor pa si Papa noon. Kaya itong street na `to, apelyido namin. Si Mama, ordinaryo lang. Suwerte lang na nagustuhan siya ni Papa noon."

"Ilang taon na ba si Lola?" tanong ko.

"Sixty-two pa lang."

"Ay, de bata pa pala siya no'ng nabiyuda? Saka si Lolo, bata pa pala no'ng namatay?"

"Si Mama lang. Fifty na si Papa noon. Malaki ng tanda no'n kay Mama."

Napabangon ako at nag-calculator sa cell phone. "Twenty-eight pa lang siya no'ng

nabiyuda, `tapos, ten years old ka. Eh, di—"

"Eighteen si Mama no'ng ikasal."

*Exag* ang nganga ko. Tinapik ni Mama ang binti ko. "Pahinga ka muna dito, ha."

"Aalis ka na?" Na-sad na uli ako.

"Oo. Pero uuwi ako sa Sunday para magkakasama tayo dito ng mga kuya mo."

Magsisimula na agad sa trabaho si Mama. Isasama daw siya bukas ng sales team sa mga bara-barangay para mag-conduct ng small seminars sa mga hog raisers. Tagamudmod ng flyers at feed samples si Mama.

Yumakap ako sa kanya. "Ingat ka, `Ma. Saka mag-lipstick kang konti para next week, sales manager ka na."

Hinalikan ako ni Mama sa magkabilang pisngi. "Behave ka, ha. Saka ayusin mo na mga damit natin d'yan sa aparador."

Mga damit at gamit ni Mama ang una kong inayos sa aparador. Inilaan ko sa kanya ang pinakataas na shelf, *because I love my Mami.* Ang iba niyang damit, dala niya

papunta sa Calaca, kaya may space pa para sa mga anik-anik niya.

Kasama sa mga anik-anik ang naka-frame na picture ni Papa, mga love letters nila, accessories ni Mama, saka cell phone ni Papa na kasama pa ang charger. Binuhay ko ang screen. Family picture namin ang screensaver, kuha noon pang grade three ako. Nasa harap kami ng Christmas tree, naka-Santa hat kaming lima. Ako, bukod sa Santa hat, naka-scarf na makinang na pampulupot sa Christmas tree, at astang Vegas show girl ang pose.

“Baklang-bakla ka, potah ka,” `kako sa sarili ko.

Alam ko naman ang password ni Papa kaya nabuksan ko agad ang cell phone. Nagulat ako dahil wala na siyang apps. Wala nang FB, Messenger, email. Tinanggal na ni Mama? Ang mga text messages, wala na din lahat.

Pero naroroon pa ang mga pictures at videos. Papanoorin ko sana ang isang video

pero napaigtad ako, naramdamaan kong may tao sa likuran ko.

Si Manong na ewan, nasa pintuan.

“Tawag ka ng lola mo sa itaas,” sabi.

“Ngayon na po?”

“Bilisan mo.”

Dinampot ko sa kama ang susi ng kuwarto na iniwan doon ni Mama at ikinandado ko ang kuwarto bago ako lumabas. Wala akong tiwala kay Manong.

“Saan po sa itaas?” tanong ko.

“Sa itaas,” ang sagot. Masama yata ang inside at isinusi ko ang kuwarto namin.

“`Chura,” bulong ko. Umakyat ako sa hagdan. May tatlong pinto sa hallway pagliko buhat sa landing. Ang dulo ay salas uli, may sliding door na papunta sa terrace.

Sa tabi ng malaking book cabinet sa salas, may isa pa palang pinto. Hindi ko alam kung nasaan ang walanghiya kong lola.

“L-Lola,” tawag ko, nag-buckle pa ako.

Bumukas iyong pinto sa tabi ng mga libro.

"Pumasok ka," sabi ni Lola. Naka-slacks siya na brown, house slippers na brown din, at blusang puti, lace ang kuwelyo at nakabutones hanggang thyroid gland. Pero *inferness* sa kanya, hindi siya mukhang manang na takot sa titi maski ganoon ang outfit; mukha lang siyang donya na nagtatampisaw sa kasaganaan. Aristocratic ang ambience ng lola ko.

"Umupo ka," sabi sa akin, itinuro ang couch sa isang tabi.

Madilaw ang lighting sa kuwarto. May isang bintana sa likod pero sarado ang makapal na kurtina. May dalawang armchairs doon at bilog na mesa.

Oblong na carpet ang nasa gitna ng kuwarto. Ang isang dingding, floor-to-ceiling na altar. Sarisaring mga imahe ng santo at crucifix ang naka-display, mayroon ding mga anghel. Hitik din sa mga kandila. Mga wala namang sindi pero imagine kung sindihan iyon lahat? Parang setting ng Exorcist.

Sandamakmak din ang collection ng prayer books at Bibles.

Tumayo sa harap ko si Lola.

"Alam kong bakla ka," sabi.

Ano ang sasabihin ko? Hindi na lang ako nagsalita. Ang sabi ni Papa noon, huwag na huwag daw kaming yuyuko kapag may kausap. Kaya naman lagi akong taas-noo kahit kanino, ang Pilipino ay ako.

Pero kapag pala kaparis nitong lola ko ang kausap mo, mapapayuko ka kahit ayaw ng kaluluwa mo. Tinitigan ko na lang ang tsinelas niya. Leather na malambot, parang ang sarap sa paa.

"Napakalaking kasalanan sa Diyos ang kabaklaan," sabi pa ni Lola. "Kaya tanggalin mo iyan sa pagkatao mo ngayong naririto ka sa poder ko. Kikilos ka bilang lalaki, magsasalita ka bilang lalaki, hindi ka mag-iisip ng kamunduhan sa kapwa mo lalaki. Naiintindihan mo ba?"

"Opo," sagot ko.

"Sabi ng mama n'yo, bininyagan kayo bilang Katoliko."

"Opo."

"Kaya sasama ka sa akin ngayon sa simbahan. Mangungumpisal ka."

Nganga ang bakla.

"Magbihis ka na. Iyong disente. Bilisan mo."

ITIM NA HONDA Acura ang kotse ni Lola. Mukhang hindi naman bagong model pero napakaelegante at napakalinis. Feeling donya na din ako habang katabi ko si Lola sa backseat. Simo ang pangalan ng manong driver. Hindi ko alam kung saan siya nakatira, hindi ko ma-interview dahil umid ang dila ko sa company ng lola kong maldita.

*Behave na behave* ako sa kotse sa porma kong Young Sheldon—khaki pants, polong hiniram ko sa maleta ni Maying, belt at sapatos ni Papa—brown leather na de-tali,

maluwag sa akin nang kaunti, pinasakan ko na lang ng medyas sa dulo. Ang buhok ko na kadalasan ay naka-side part at nakatambak sa kalahating mukha ko ang bangs, ngayon, naka-side part pa rin pero mala-Rizal ang style.

Bagay lang naman dahil feeling ko, babarilin ako ng mga prayle sa Luneta.

Mangungumpisal ako, juskoh.

Cute na simbahan ang pinuntahan namin. Sisters of Charity ang nakalagay sa gate. *Sinetch si Charity?* Sa harap ng simbahan kami nag-park. Bukas sa three sides ang simbahan, rustic ang décor. May tatlong madreng naka-brown sa loob, sinalubong kami ng isa at nag-usap sila ni Lola. Ang hinhin ng mga boses nila kaya kahit katabi lang ako, hindi ko naintindihan ang usapan.

"Halika, hijo," sabi ng madre sa akin, pinasunod ako. Nagpunta kami sa altar pagkatapos kumaliwa, bumaba sa parang corridor, saka pumasok sa isang kuwartong

parang office kasi may desk. May pari doon, matanda na, nakaputing gown—malay ko kung ano'ng tawag sa outfit ng mga pari.

"Gusto mong mangumpisal," sabi sa akin ni Father.

*Ayoko po*. Pero tumango na lang ako. Iniwan kami ng madre. Pinaupo ako ni Father sa itim na couch doon.

*Dito na ba ako mamomolestiya?*

Si Father, humila ng isang upuan at pumuwesto sa harap ko. "Kailan ka huling nangumpisal, hijo?"

"Um, wala po."

"Kahit First Communion? Katoliko ka ba?"

"Opo. Ano po kasi, may tigdas ako no'ng First Communion ko dapat, hindi na `ko naka-attend. Hindi naman po gano'n ka-required sa school namin, kung sino lang ang may gusto."

"I see. So ito ang First Communion mo."

"Opo."

"Anu-ano ang gusto mong ikumpisal?"

"Hindi ko po alam."

"Hindi mo alam ang mga kasalanan mo?"

"Hindi po."

"Naghahangad ka ba ng hindi iyo? Nagnanakaw ka ba?"

"Ay, hindi po! Never! Pero `yong jowa po ng classmate ko, bet ko."

"Nag-iisip ka ba ng mahahalay patungkol sa taong iyon?"

"Eh, magjowa pa lang naman po sila. Hindi naman po ako nakikiapid."

"Nagma-masturbate ka ba?"

Pinawisan ang bakla. "Um, eh, hindi naman po `yon kasalanan. Normal naman po `yon sa mga tao."

Bumuntong-hininga si Father. "Pa'no ka mangungumpisal kung ayaw mong kilalanin ang mga pagkakasala mo at mga kahinaan? Sa nakikita ko, hijo, hindi mo alam kung ano ang Sacramento ng Kumpisal. Bilang Katoliko, mahalaga sa atin ang mga

Sacramento. Hindi natin ginagawa dahil lamang requirement." Nag-air quote pa si Father sa requirement. "Ginagawa natin ang mga iyan dahil nauunawan natin ang kahalagahan nila sa ating buhay-Kristiano, `no. May mga biyaya ring katumbas ang mga Sacramento. Paano mo makukuha ang biyaya kung hindi taos sa iyong puso ang ginagawa mo?"

"Eh… paano po?"

"May nagtuturo ng Katekismo doon sa Cathedral tuwing alas-kuwatro ng hapon, gusto kong um-attend ka muna doon, hijo. Para maunawaan mo ang ibig sabihin ng Kumpisal. `Tingin ko, hindi ka din nagsisimba tuwing Linggo."

"Opo, hindi po."

"Alam mo bang kasalanan iyon?"

*Talaga?!* "Hindi po."

"Ngayong alam mo na, nagsisisi ka ba?"

"Um, hindi po ako sure."

"Mag-Katekismo ka muna." Parang

natatawa sa akin si Father.

“Eh, Father, gusto po ni Lola, mangumpisal ako. Magagalit po `yon.”

“Lola… si Regina?”

Inisip ko pa kung Regina ang pangalan ng lola ko. Oo yata. Tumango na lang ako. “`Yong kasama ko po.”

“Kung ganoon, anak ka ni—”

“Ernestine po.”

“Oo, si Ernestine. Alam mo bang sa akin nag-First Communion ang mama mo?”

“Hindi po. Ngayon po, alam ko na.”

“Bueno…” Tumindig si Father. “Ako na lang ang magpapaliwanag kay Regina.”

“Father,” habol ko nang lumabas na siya ng pinto. “Matagal n’yo na pong kilala ang lola ko?”

“Oo. Bata pa siya ay kilala ko na. Nobisyada dito sa kumbento ang lola mo noon.”

“Ano pong nobisyada?”

“Magmamadre siya, pero nagkasakit, na-

confine nang matagal sa ospital, pagkatapos ay hindi agad siya makakabalik dito sa kumbento dahil mahina pa ang baga. Nakilala naman niya ang lolo mo, hindi na siya tumuloy maging madre. Pero hindi naman iniwan ng lola mo ang pagsisilbi sa Panginoon."

*Other Rose Tan Books:*

***Skip Chronicles***
Hot and Bothered
Fast and Curious
Dazed and Confused

Dead Over Heels
Caught Dead-Handed

***Cheatin' Charley Cougar Mystery Files:***
Torn Between Two Murders
Just Murdered
Song of Lorelei (spin-off)

Tasya Fantasia

***Manifestos de las Titas***
Tita Mia!
Freaky Tita

The Hand that Rocks
the Cradle Folds the Laundry
Hexterical

***Mga Misteryo ng Galak Trilogy***
Ang Hiwaga ng Lost and Found
Ang Nawawalang Kaibigan ni Matilde
Ang Lihim na Tagahanga ni Fernando

Lies of Summer
My Bumbling Bee
CEO Hires a Wife

Skip Chronicles Vol. 2: Bride in a Box
Ang Bakla sa Bintana

***Buy books here:***

Facebook.com/WhimsicalBooksPh
Shopee.ph/WhimsicalBooksPh

***Listen to FREE audiobooks:***

YouTube.com/@AlabStories

***You may download book previews here.***